
# ANO ANG NAKATAGONG IMPEKSYON NG TUBERKULOSIS (LATENT TB INFECTION [LTBI])?

MANWAL NG EDUKASYON PARA SA PASYENTE




County of Los Angeles Public Health

Tagalog/Filipino

# TALAAN NG MGA NILALAMAN

**1. Ano ang Nakatagong Impeksyon ng Tuberkulosis (LTBI)?** 5

**2. Ano ang Pagkakaiba sa Pagitan ng Nakatagong Impeksyon ng TB at Sakit na TB?** 5

**3. Paano Pumapasok ang Mikrobyo ng TB sa Katawan?** 6

**4. Sino ang May Mataas na Tsansa na Magkaroon ng Nakatagong Impeksyon ng Tuberkulosis?** 6

**5. Paano Nadadayagnos ang Nakatagong Impeksyon ng TB** 7

**6. Paggamot sa Nakatagong Impeksyon ng TB** 8

**7. Gaano Katagal Akong Iinom ng mga Gamot sa Nakatagong Impeksyon ng TB?** 9-11

**8. Ang Kahalagahan ng Paggamot ng Nakatagong Impeksyon ng TB para Mapigil ang Aktibong Sakit na TB** 12

**9. Bakit Importante ang Pagkumpleto ng Lahat ng Iyong mga Gamot sa Nakatagong Impeksyon ng TB** 12

**10. Mga Pagkaing Dapat Kainin Habang Umiinom ng Gamot para sa Nakatagong Impeksyon ng TB** 13


**11. Pag-aalaga sa Iyong Sarili: Ehersisyo, Tamang Paghinga, at Pag-aalaga sa Sarili** 14

**12. Mga Testimonya ng Pasyente** 15

**13. Kami ay TB (We are TB): Mga Nakaligtas sa Tuberkulosis at Tagapagtaguyod (Advocates)** 15

**Mga Katanungang Malimit Itanong** 16

**Impormasyon sa Klinika ng Tuberkulosis ng Pampublikong Kalusugan** 17





## 1. Ano ang Nakatagong Impeksyon ng Tuberkulosis (Latent Tuberculosis Infection [LTBI])?


- Ang mga tao na may impeksyon ng TB ay may mikrobyo ng TB, pero wala silang sakit ng TB. **“Nakatago (Latent)”** ay iba pang salita para sa **“hindi aktibong”** impeksyon ng TB.
- Ang mga mikrobyo ay maaaring magtago sa loob ng iyong katawan at manatiling “tulog,” kaya hindi ka nagkakasakit, o naipapasa ito sa iba. Pero kung humina ang iyong katawan, ang mga mikrobyo ay “nagigising”, nagiging **aktibo**, at nagiging sanhi ng iyong pagkakasakit. Ito ang sakit sa TB. Ang sinuman ay maaaring magkaroon ng hindi aktibong mikrobyo ng TB.
- Ang paggamot sa mga tao na mayroong nakatagong **hindi aktibong** TB ay nakakatulong na panatilihin sila na hindi magkasakit ng sakit na TB kalaunan.

## 2. Ano ang Pagkakaiba sa Pagitan ng Nakatagong Impeksyon ng TB at Sakit na TB?





## 3. Paano Pumapasok ang TB sa Katawan?

Ang mga mikrobyo ng TB ay maaaring kumalat sa hangin kapag ang may sakit na tao ay umuubo, bumabahin, nagsasalita, o kumakanta sa isang kwarto na walang sariwang hangin.

Kapag nalanghap mo ang hanging iyon, ang mga mikrobyo ay maaaring pumasok sa iyong katawan.

Sa simula, ang mikrobyo ay maaaring manatiling natutulog sa iyong katawan. Ito ay tinatawag na "nakatagong impeksyon ng TB (latent TB infection)," at hindi ka makakaramdam ng sakit o maipasa sa ibang tao. Ngunit kapag ang katawan mo ay humina at hindi na kayang labanan ang mga mikrobyo, ang mikrobyo ng TB ay maaaring “magising” at magkasakit ka. Ito ay tinatawag na **aktibong** sakit na TB.

## 4. Sino ang Nasa mas Mataas ang Tsansang Magkaroon ng Nakatagong Impeksyon ng TB (LTBI)?

Sinuman ay maaaring magkaroon ng hindi aktibong mikrobyo ng TB. Mas malamang na magkaroon ka nito kung nasa mga salik ka ng panganib na sumusunod:


Ipinanganak, naglakbay, o nakatira (mahigit isang buwan) sa isang bansa na may mataas na antas ng TB


Ikaw ay naghahanda nang magsimula, o kasalukuyan nang umiinom ng mga gamot na nagpapahina ng proteksyon ng iyong katawan laban sa mga impeksyon, tulad ng paggamot sa kanser


Malapitang pakikisalamuha sa isang taong may sakit ng TB sa anumang punto ng buhay


Kasalukuyan o dating kawalan ng tirahan o pagkabilanggo

Para sa mas maraming impormasyon:

hhttps://www.cdc.gov/tb/media/Question_Answers_About_TB_English.pdf

https://www.cdph.ca.gov/Programs/CID/DCDC/Pages/TB-Risk-Assessment.aspx

## 5. Paano Dinadayagnos ang Nakatagong Impeksyon ng TB

Ang pagsusuri para sa nakatagong impeksyon ng TB ay nakakatulong sa mga tao na manatiling malusog, lalo na kung sila ay nasa or napapunta sa paligid ng iba na may **aktibong** TB. Ang ibang tao ay kailangan lamang ng isang pagsusuri, ngunit ang iba ay kailangan ng pagsusuri bawat taon kung sila ay nasa mataas na panganib na sitwasyon, may mga medikal na kondisyon, sintomas, o pagkakalantad sa isang taong may aktibong TB.

Dalawang uri ng pagsusuri na makakapagtukoy kung ang isang tao ay naimpeksyon ng mikrobyo ng TB:



**Paagsusuri ng dugo para sa TB**



**Pagsusuri ng balat para sa TB**

Para sa mas maraming impormasyon:
https://www.cdc.gov/tb/testing/blood-test.html#cdc_testing_how_to_get_tested-how-to-get-tested

## 6. Paggamot sa Nakatagong Impeksyon ng TB

**Bakit kailangan kong magpagamot?**

Kapag ang bakterya ng TB ay unang pumasok sa katawan, ang bakterya (mga mikrobyo) ay maaaring manatiling hindi aktibo na alam bilang isang nakatagong impeksyon ng TB. Sa estadong ito, hindi ka makakaramdam ng pagkakasakit,, magpapakita ng mga sintomas, o maipapasa sa iba. Gayunpaman, kapag humina ang iyong sistema ng imyunidad, ang bakterya ay maaaring maging aktibo na magdudulot ng sakit sa TB, na magdudulot ng iyong pagkakasakit.

Ang pag-inom ng gamot para sa nakatagong impeksyon ng TB ay makakatulong na patayin ang mga mikrobyo ng TB, para hindi sila "magising" at magdulot ng iyong pagkakasakit. Ang gamot ay nagpapanatili sa iyong malusog at nakakatulong na magprotekta sa iyong pamilya at mga kaibigan rin.





Para sa mas maraming impormasyon:
https://www.cdc.gov/tb/media/Question_Answers_About_TB_English.pdf

## 7. Gaano Ko Katagal Dapat Inumin ang mga Gamot para sa Nakatagong Impeksyon ng TB (Latent TB Infection)?

Kung ang isang tao ay may nakatagong impeksyon ng TB, umiinom sila ng mga gamot para matulungan silang manatiling malusog ang katawan. Karamihan sa mga tao ay kailangang uminom ng gamot ng 3 hanggang 4 na buwan. Subalit, minsan umiinom sila ng gamot ng 3 hanggang 9 na buwan, depende sa uri ng aktibong pagkakalantad sa TB, iyong medikal na kondisyon, at ang mga rekomendasyon ng iyong doktor.

Ang ilang mga halimbawa ng paggamot sa nakatagong impeksyon ng TB ay:

# MGA REHIMEN NG PAGGAMOT SA NAKATAGONG IMPEKSYON NG TB

| | GAMOT | TAGAL | GAANO KALIMIT | KABUUANG DOSIS | DOSIS AT GRUPO NG EDAD |
|---|---|---|---|---|---|
| MAS GUSTO | ISONIAZID† AT RIFAPENTINEE†† (3HP) | 3 buwan | Isang beses sa isang linggo | 12 | **Mga matatanda at mga bata na may edad ≥ 12 taon**<br>INH:<br>15 mg/kg itinaas sa pinakamalapit sa 50 o 100 mg;<br>900 mg pinakamarami<br>RPT:<br>10-14.0 kg; 300 mg<br>14.1-25.0 kg; 450 mg<br>25.1-32.0 kg; 600 mg<br>32.1-49.9 kg; 750 mg<br>≥50.0 kg; 900 mg pinakamarami |
| | | | | | **Mga bata na may edad na 2-11 taon**<br>INH†: 25 mg/kg; 900 mg pinakamarami<br>RPT††: Tingnan sa itaas |
| | IRIFAMPIN§ (4R) | 4 na buwan | Araw-araw | 120 | **Mga Matatanda**: 10 mg/kg; 600 mg pinakamarami |
| | | | | | **Mga Bata:** 15-20 mg/kg‖; 600 mg pinakamarami |
| | ISONIAZID† AT RIFAMPIN§ (3HR) | 3 buwan | Araw-araw | 90 | **Mga Matatanda**<br>INH†: 5 mg/kg; 300 mg pinakamarami<br>RIF§: 10 mg/kg; 600 mg pinakamarami |
| | | | | | **Mga Bata**<br>INH : 10-20 mg/kg#; 300 mg pinakamarami<br>RIF : 15-20 mg/kg; 600 mg pinakamarami |
| ALTERNATIBO | ISONIAZID† (6H/9H) | 6 na buwan | Araw-araw | 180 | **Mga Matatanda**<br>Araw-araw: 5 mg/kg; 300 mg pinakamarami<br>Dalawang beses sa isang linggo: 15 mg/kg; 900 mg pinakamarami |
| | | | Dalawang beses sa isang linggo¶ | 52 | |
| | | 9 na buwan | Araw-araw | 270 | **Mga Bata**<br>Araw-araw: 10-20 mg/kg#; 300 mg pinakamarami<br>Dalawang beses sa isang linggo: 20-40 mg/kg#; 900 mg pinakamarami |
| | | | Dalawang beses sa isang linggo¶ | 76 | |

Karaniwang ibinibigay ang Bitamina B6, at sa mga pambihirang mga kaso, ibang mas malakas na mga gamot.

Para sa mas maraming impormasyon:

https://www.cdc.gov/tb/treatment/inactive-tuberculosis.html



## Ano ang karaniwang mga epekto ng mga gamot na ginagamit para gamutin ang nakatagong impeksyon ng TB?

Lahat ng mga gamot, kahit na mga bitamina, ay maaari minsan magdulot ng mga epekto, gayunpaman halos karamihan ng mga taong umiinom nito ay walang mga isyu. Ang hindi nakakapinsalang epekto ng gamot na rifampin na makakapagdulot sa iyong mga luha, pawis, at ihi na mag-ibang kulay na kulay kahel-pula (orange-red). Ang epektong ito ay normal at mawawala pagkatapos itigil ang paggamot. Gayunpaman, maaari nitong permanenteng mamantsahan ang malambot na contact lenses, kaya ang iyong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan (healthcare provider) ay maaaring magpayo sa iyo na iwasan ang pagsusuot nito habang ginagamot.

Kung sa palagay mo ikaw ay nagkakaroon ng epekto, tawagan ang iyong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan o nars agad. Maaaring sabihin nila sa iyo na itigil ang gamot para sa nakatagong TB o pumunta sa kanila para sa muling mga pagsusuri.

Mga karaniwang epekto ay maaaring kabilangan ng:

- Pantal
- Pagkahilo
- Pagsusuka
- Pagtatae
- Sobrang Pagkapagod
- Mga sintomas na parang trangkaso
- Pagkahilo o parang lutang ang pakiramdam

Para sa mas maraming impormasyon:
https://www.cdc.gov/tb/webcourses/TB101/page16747.html


## Bago simulan ang paggamot:

- Siguraduhing sabihin sa iyong nars o tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan ang tungkol sa mga gamot na iyong iniinom. May ilang gamot na maaaring makasagabal sa paggamot sa nakatagong TB at maaaring magdulot ng mga epekto, tulad ng pagduduwal. Nakakatulong ang pagbabahagi ng impormasyong ito para mapigilan ang mga problema at masiguro na ang iyong paggamot ay ligtas at epektibo.



Kung umiinom ka ng mga tabletas para makontrol ang pagbubuntis (birth control pills), kausapin ang iyong nars o tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan bago magsimula ng anumang bagong gamot. Maaaring makaapekto ang ilang gamot sa bisa ng pagkontrol ng pagbubuntis.

Sabihin sa iyong nars o tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan kung ikaw ay buntis, sa palagay mo ay buntis ka, o kung ikaw ay nagpapasuso. Ito ay tumutulong sa iyo at iyong sanggol na maging ligtas.



Para sa mas maraming impormasyon:
https://www.cdc.gov/tb/treatment/inactive-tuberculosis.html


## 8. Kahalagahan ng Paggamot sa Nakatagong Impeksyon ng TB Para Mapigilan ang Aktibong Sakit na TB

Ang paggamot ng nakatagong Impeksyon ng TB ay nakakapigil sa sakit sa TB dahil:

- Kapag hindi nagamot, 1 sa bawat 10 tao na may nakatagong TB ay magkakasakit ng aktibong sakit na TB. Ang aktibong sakit na TB ay maaaring kumalat sa iba at maaaring makamatay.
- Ang mga taong may mahinang sistema ng imyunidad, o may diyabetis, kanser, o HIV, ay mas madaling magkasakit ng TB. Ang kanilang mga katawan ay nahihirapang labanan ang mga mikrobyo na nagdudulot ng TB.
- Karamihan sa mga taong nagkasakit mula sa aktibong sakit na TB ay hindi uminom ng gamot para sa nakatagong TB. Ang pag-inom ng gamot ng maaga ay makakatulong sa iyong maging malusog kalaunan.

## 9. Bakit Mahalaga ang Pagkumpleto ng Lahat ng Iyong Gamot sa Nakatagong Impeksyon ng TB

- Ang nakatagong impeksyon ng TB ay nangangahulugang may mga mikrobyo ng TB sa iyong katawan, ngunit hindi ka makakaramdam ng sakit. Kapang humina ang iyong sistema ng imyunidad, ang mga mikrobyong ito ay maaaring gumising at magdulot sa iyo ng sakit. Ang pag-inom ng lahat ng iyong gamot ay nakakatulong upang mapigilan ito.
- Para matanggal ang mga mikrobyo ng TB sa iyong katawan, inumin mo ang lahat ng iyong gamot para sa nakatagong TB.
- Ang paggamot sa nakatagong TB ay nakakatulong na pigilan ito sa pagiging aktibong sakit na TB. Ibig sabihin, hindi ito kakalat sa ibang tao.
- Kung hindi mo tatapusin ang lahat ng iyong gamot sa TB, ang mga mikrobyo ng TB ay maaaring maging mas malakas at mas mahirap patayin. Ito ay tinatawag na lumalaban sa drogang (drug-resistant) TB, at mas mahirap itong gamutin.







**HUWAG LUMIBAN NG MGA DOSIS. HUWAG TUMIGIL NG PAG-INOM NG IYONG GAMOT NG MAS MAAGA!**

Para sa mas maraming impormasyon: https://www.cdc.gov/tb/prevention/index.html


## 10. Mga Pagkaing Dapat Kainin Habang nasa Gamot ng Nakatagong Impeksyon ng TB:

Kumain ng malulusog na mga pagkain habang umiinom ng iyong gamot ng nakatagong TB. Ang malusog na diyeta ay nakakatulong sa iyong katawan na gumaling ng mas matulin at gawing mas mabuti ang paggana ng gamot.



- **Mga pagkaing mayaman sa Protina:**
  - Mga itlog
  - Mga munggo at lentil
  - Mga mani at buto (Nuts and seeds)
  - Mga karne na walang taba (Manok, isda, pabo)
- **Mga pagkaing sagana sa sustansya:**
  - Mga Berries
  - Mga prutas na citrus
  - Maberdeng dahon ng gulay
- **Mga pagkaing mataas sa kalori:**
  - Abokado
  - Keso
  - Whole milk at yogurt
  - Tuyong prutas
  - Maitim na tsokolate
  - Granola bar

☞ **Dagdagan ang pag-inom ng mga likido tulad ng tubig at tubig ng buko**




Ang Centers for Disease Control and Prevention (CDC) ay nagpapayo na iwasan ang mga inuming may alcohol tulad ng bino, serbesa, at alak habang umiinom ng gamot para sa nakatagong impeksyon ng TB. Kausapin ang iyong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan (healthcare provider) tungkol sa iba pang mga sangkap o aktibidad na dapat mong iwasan habang ginagamot.

Para sa mas maraming impormasyon:
https://www.cdc.gov/tb/treatment/inactive-tuberculosis.html

## 11. Pag-aalaga sa iyong sarili: Ehersisyo, Paghinga, at Pag-aalaga sa Sarili

Narito ang ilang mga mungkahi sa pag-aalaga sa sarili habang umiinom ng mga gamot para sa nakatagong TB:

**Iskedyul ng mga Gamot**
Sundin ng maingat ang mga tagubilin ng iyong nars o tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan. Inumin ang iyong gamot ng eksakto gaya ng inireseta sa tamang dosis at sa takdang tamang oras.

**Inumin ng may kasamang pagkain:**
Kung nakakaramdam ka ng pananakit ng tiyan, makipag-usap sa iyong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan. Maaari nilang sabihin sa iyo na inumin ang mga gamot kasabay ng pagkain.

**Magtakda ng mga paalala:**
Gumamit ng mga pang-alarma, lalagyan ng gamot, o mga talaan para matulungan kang maalala na inumin ng regular ang iyong mga gamot.

**Gumawa ng listahan ng mga gamot:**
Alamin kung anong mga gamot ang iyong iniinom at kung bakit.

**Mga epekto (side effects):**
Mangyaring ipaalam sa iyong nars o tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan kung nakakaramdam ka ng mga epekto o may mga katanungan tungkol sa iyong pag-gagamot.

**Hugasan ang iyong mga kamay:**
Hugasan ang iyong mga kamay gamit ang sabon at tubig lalo na pagkatapos mong umubo, bumahin, o gumamit ng banyo.

**Magkaroon ng sapat na pahinga:**
Ang pagkakaroon ng sapat na tulog ay nakakatulong sa iyong katawan na gumaling at manatiling malakas.


**Kontrolin ang tensyon (stress):**
Magsanay ng mga nakakarelaks na aktibidad tulad ng malalim na paghinga, meditasyon, o yoga.

**Manatiling puntahan ang mga naka-iskedyul na mga konsulta (appointments):**
Make sure to go to all your doctor visits so they can see how you're doing and help you feel your best.

Para sa mas maraming impormasyon:
https://www.webmd.com/lung/tuberculosis-prevention

## 12. Mga Personal na Kuwento ng Pasyente Tungkol sa Tuberkulosis

Ang tuberkulosis ay isa pa ring malaking problema sa kalusugan sa Amerika. Maaari itong mangyari sa sinuman, kahit saan pa sila nanggaling. Isinasalaysay ng mga kuwentong ito kung paano magkaroon ng nakatagong impeksyon ng TB o sakit ng aktibong TB, at kung paano sinusubukan ng mga manggagawa sa kalusugan (health workers) na pigilan ito.




https://www.cdc.gov/tb/stories/index.html

Iskanin dito para sa mga Personal na Kuwento ng Tuberkulosis

## 13. Kami ay TB (We are TB): Mga Nakaligtas at Tagapagtaguyod ng Tuberkulosis.

Ang Kami ay TB (We Are TB) ay isang pambansang suporta at tagapagtaguyod na samahan na pinangungunahan ng mga taong personal na naranasan ang tuberkulosis. Ang kanilang misyon ay para bigyan ng kapangyarihan, edukasyon, at ikonekta ang mga indibidwal na apektado ng TB habang nakikipagtulungan sa mga klinika at mga tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan para mapabuti ang pag-aalaga, suporta, at kahahantungan para sa lahat. Tinutulungan nila ang mga pasyente at doktor sa pamamagitan ng pagbabahagi ng mga personal na mga kuwento para makatulong sa iba na maintindihan ang TB at makaramdam na hindi sila nag-iisa.




https://www.wearetb.com

Iskanin dito para sa webpage ng Kami ay TB (We are TB)

NTCA
National Tuberculosis Coalition of America

**Misyon ng NTCA**

"Para protektahan ang kalusugan ng publiko sa pamamagitan ng pagsusulong ng pagpuksa sa tuberkulosis sa Amerika sa pamamagitan ng magkakaisang pagkilos ng mga programa ng estado, lokal, at teritoryo".

https://www.tbcontrollers.org

Iskanin dito para sa webpage ng NTCA

## MGA KATANUNGANG MADALAS ITANONG:


**1. Mayroon bang bakuna laban sa Aktibong Tuberkulosis?**

- Ang Bacille Calmette-Guérin (BCG) ay isang bakuna para sa aktibong sakit ng Tuberkulosis (TB) na malimit na ibinibigay sa maraming tao sa labas ng Amerika.
- Ang bakunang ito ay karaniwang ginagamit sa Amerika dahil sa:
  - Mababang panganib ng impeksyon sa mga mikrobyo sa Amerika
  - Ang bakuna ay may iba-ibang bisa laban sa TB sa baga ng mga matanda. Maaari ka pa ring magkaroon ng hindi aktibo at aktibong TB kahit na nakakuha ka na ng bakunang BCG dati at
  - Ang bakuna ay maaaring gawing parang positibo ang pagsusuri sa balat para sa TB, kahit na wala kang TB.
- Sabihin sa iyong nars o tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan na nakatanggap ka na ng bakuna sa TB.

**2. Ang bakunang Bacille Calmette-Guérin (BCG) ba ay ganap na nakakapagprotekta sa akin sa aktibong Tuberkulosis?**

- Ang bakunang BCG para sa TB ay hindi nakakapagprotekta sa mga tao mula sa pagkakaroon ng aktibong sakit na TB sa baga, na siyang pinakakaraniwang uri ng sakit sa Amerika.

***Ang bakunang BCG ay isang iniksyon na nakakatulong na protektahan ang mga tao mula sa TB, ngunit ang iniksyong ito ay hindi laging gumagana ng pareho para sa lahat. Minsan, ito ay talagang epektibo, at sa ibang pagkakataon naman ay hindi gaanong nakakatulong. Nangangahulugan ito na kahit na makatanggap ng bakunang BCG ang ilan, maaari pa rin silang magkasakit ng TB kalaunan.***




https://www.cdc.gov/tb/vaccines/index.html

**3. Kailangan Ko bang Magbukod kung mayroon Akong Nakatagong Impeksyon ng TB?**

Hindi, ang taong may nakatagong impeksyon ng TB ay hindi kailangang lumayo mula sa iba. Hindi sila nakakahawa and hindi maipapasa ang mga mikrobyo sa iba. Maaari silang pumunta sa paaralan, trabaho, at maglakbay ng parang normal. Ang mga taong may **aktibong** sakit ng TB lamang ang makakapagpasa ng mga mikrobyo sa iba.

## Impormasyon sa Klinika ng Pampublikong Kalusugan

Ang Iyong Nars sa Pampublikong Kalusugan ay:


___________________________________

Ang Iyong Klinika sa TB ay:

___________________________________

Ang Numero ng Telepono ng Klinika ng TB:

___________________________________



COUNTY OF LOS ANGELES Public Health

DPH Public Health Centers

Nurse Only Clinic Registration Schedule

All schedules are subject to change and clinics are closed during all County holidays. The following schedule reflects Registration Hours and clinics open 30 minutes after Registration begins. Please call ahead to confirm visit hours and to schedule an appointment. Please arrive 15 minutes prior to your appointment.

**Limited walk-in appointments are available on the same day**. Walk-in patients should arrive as early as possible to improve the likelihood of being seen.

**Nurse Only Clinic** provides:

- All childhood immunizations and TB testing
- Adult immunizations for those uninsured and underinsured.
- TB testing for those in congregate living, school volunteers as well as uninsured and underinsured.
- COVID-19vaccines and testing for all age groups.
- Flu Vaccines
- Mpox Vaccines

There is a $15 vaccine administration fee per patient for each visit to our Nurse Only Clinic and $30.00 for families of two or more. This fee covers all vaccines for that visit. If the child has Medi-Cal or Medicare plan, the cost is free if the patient can provide the Medi-Cal coverage card at the time of registration.

**Antelope Valley SPA**

| Antelope Valley Health Center | | MONDAY | TUESDAY | WEDNESDAY | THURSDAY | FRIDAY |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | AM | No Clinic | 7:30-11:00 | 7:30-11:00 | 8:30-1:00 | 7:30-11:00 |
| | PM | No Clinic | 12:30-5:00 | 12:30-5:00 | 2:30-6:30 | No Clinic |

**Address:** 335-BEASTAVENUE K6
LANCASTER, CA93535

**Business Office:** (661) 471-4861
(Between Division Street& Gingham Avenue)

**SanFernando Valley SPA 2**

| Pacoima Health Center | | MONDAY | TUESDAY | WEDNESDAY | THURSDAY | FRIDAY |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | AM | No Clinic | No Clinic | No Clinic | No Clinic | 7:30-11:00* |
| | PM | No Clinic | No Clinic | No Clinic | No Clinic | No Clinic |

**Address:** 13300Van Nuys Blvd
Pacoima, CA 91331

**Business Office:** (818) 896-1903

*Provides COVID-19 testing, COVID-19 vaccines, TB screening, and flu vaccine.

This clinic is only open on the first Friday of each month.

**San Gabriel Valley SPA 3**

| Monrovia Health Center | | MONDAY | TUESDAY | WEDNESDAY | THURSDAY | FRIDAY |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | AM | 7:30-11:00 | 7:30-11:00 | No Clinic | No Clinic | 7:30-11:00 |
| | PM | No Clinic | 12:00-4:00 | No Clinic | 12:00-4:00 | No Clinic |


**Address:** 330W. MAPLE AVE
MONROVIA, CA 91016

**Business Office:** (626) 256-1600

Iskedyul ng Nars sa Klinika ng TB.pdf

Bisitahin ang nag-uugnay (link) para ma-akses ang pinakabago at napapanahong Iskedyul ng Nars sa Klinika ng TB.pdf o iskanin ang kodigo ng QR (QR Code)

http://ph.lacounty.gov/tb/docs/nurseclinic.pdf




**Questions and Answers About Tuberculosis Booklet**

Questions and Answers About TB has information on inactive TB and TB disease.

cdc.gov



**Treating Tuberculosis**

Both inactive tuberculosis (TB) and active TB disease can be treated.

Tuberculosis (TB) / Apr 17

https://www.cdc.gov/tb/communication-resources/tb-questions-and-answers-booklet.html

COUNTY OF LOS ANGELES
Public Health

Tagalog/Filipino